


Espeyal na Pautang ng Pang-emergency na Maliit na Pondo atbp. dahil sa Epekto ng COVID-19
Tungkol sa Espeyal na Pautang na Sakop sa Exemption sa Pagbabayad sa Piskal na Taong 2024 (Reiwa 6)

Kung exempted sa residence tax (sa parehong “per capita rate” at “income rate”) sa piskal na taong 2024 (Reiwa 6), maaaring mag-apply para sa exemption sa pagbabayad para sa mga uri ng pautang na sakop ng exemption sa pagbabayad.

◆ **Listahan ng mga sakop na pautang**

| Uri ng pautang | Mga sakop na pautang | Mga hindi sakop na pautang |
|--|---|--|
| Komprehensibong pansuportang pondo (palugit) | Pautang na ang pinakahuling deadline ng pagbabayad ay sa o pagkatapos ng Enero 1, 2025 (Reiwa 7) | Pautang na ang pinakahuling deadline ng pagbabayad ay bago o sa Disyembre 31, 2024 (Reiwa 6) |
| Pang-emergency na maliit na pondo | ① Ang petsa ng aplikasyon ay sa o pagkatapos ng Abril 1, 2022 (Reiwa 4), at | ① Ang petsa ng aplikasyon ay bago o sa Marso 31, 2022 (Reiwa 4), o |
| Komprehensibong pansuportang pondo (unang pagkakataon) | ② Pautang na ang pinakahuling deadline ng pagbabayad ay sa o pagkatapos ng Enero 1, 2025 (Reiwa 7) | ② Pautang na ang pinakahuling deadline ng pagbabayad ay bago o sa Disyembre 31, 2024 (Reiwa 6) |


◆ **Mangyaring suriin mula sa talahanayan sa ibaba kung natutugunan ang mga kondisyon para sa exemption, at tingnan ang mga nauukol na pahina.**



◆ **Mga nakasaad sa gabay na ito**

- 1 Tungkol sa paraan ng aplikasyon para sa exemption sa pagbabayad (**para sa mga taong sakop** sa exemption) p. 2 - 6
- 2 Pagpapalugit sa pagbabayad at iba pang exemption (**para sa mga taong hindi sakop** sa exemption) p. 7
- 3 Iba pang gabay p. 7
- 4 Sa mga taong hindi nakakaintindi ng wikang Hapon (**For Foreigners**) p.8

[Para sa Aplikasyon at mga Katanungan]
Namamahala sa Tanggapan para sa Pagbabayad at Exemption sa Espeyal na Pautang kaugnay sa COVID
Saitama Prefectural Council of Social Welfare
 [Numero ng telepono] 050-2018-1839 [Oras ng pagtanggap] Weekdays 9:00 a.m. - 5:00 p.m.
https://www.fukushi-saitama.or.jp/site/problem_33.html



1 Tungkol sa paraan ng aplikasyon para sa exemption sa pagbabayad (para sa mga taong sakop sa exemption)

Taong itinuro sa p. 2, 4 at 5 sa resulta ng flowchart

(1) Tungkol sa mga kinakailangang application form

| No. | Kinakailangang dokumento para sa aplikasyon | Puwang para sa self-check |
|-----|--|---------------------------|
| ① | <p>Sertipiko ng paninirahan (orihinal)</p> <p>* Mangyaring siguraduhing ipadala ang sertipiko ng paninirahan na tumutupad sa lahat ng 4 na kondisyong nakasulat sa ibaba.</p> <ul style="list-style-type: none"> Nakasaad ang pangalan at relasyon ng puno ng sambahayan Nakasaad na "ipinagpapatibay na tunay itong kopya ng orihinal na sertipiko ng paninirahan ng lahat ng mga miyembro ng sambahayan" Hindi nakasaad ang My Number Inisyu sa loob ng nakaraang 3 buwan | <input type="checkbox"/> |
| ② | <p>Sertipiko ng exemption sa buwis para sa piskal na taong 2024 (Reiwa 6) ng taong umutang (orihinal)</p> <p>* Nakasaad ang pagiging exempted sa parehong "per capita rate" at "income rate"</p> | <input type="checkbox"/> |
| ③ | <p>Nasulatang application form para sa exemption sa pagbabayad * Kanang bahagi ng nakalakip na A3 form</p> <p>Mangyaring tingnan ang halimbawa ng pagsulat sa p. 4, at mag-ingat upang walang makaligtaang isulat.</p> | <input type="checkbox"/> |

Siguraduhing tingnan din ang p. 4 at 5.

(2) Deadline ng aplikasyon

Hanggang Setyembre 30, 2024 (Reiwa 6) (Lunes) * Balido ang may tatak-koreo hanggang sa araw na ito

* Mangyaring bigyan ito ng pansin dahil kung lumampas sa deadline ng aplikasyon, maaaring hindi makatanggap ng buong exemption ng nakaplanong halaga ng pagbabayad.


(3) Paraan ng pagsusumite ng application form atbp.

Mangyaring ipalooob sa kalakip na sobre para sa kasagutan (kulay puti) ang ① hanggang ③ sa itaas at ipadala ito sa koreo.


* Kung may nakaligtaang isulat sa application form o pagkukulang sa mga kinakailangang dokumento, kakailanganing magsumite muli atbp. at matatagalan ang proseso ng pagsusuri, kaya mangyaring kumpirmahin nang mabuti ang mga nilalaman ng sobre.

*Kung sabay na nag-a-apply para sa exemption sa higit sa isang uri ng pautang, mangyaring maglakip ng isa lang na orihinal para sa ① at ②, at mga kopya para sa iba pang dokumento.


① Sertipiko ng paninirahan




② Sertipiko ng exemption sa buwis para sa piskal na taong 2024 (Reiwa 6)



③ Application form para sa exemption sa pagbabayad



Sobre para sa kasagutan



1 Tungkol sa paraan ng aplikasyon para sa exemption sa pagbabayad (para sa mga taong sakop sa exemption)

Taong itinuro sa p. 3, 4 at 5 sa resulta ng flowchart

(1) Tungkol sa mga kinakailangang application form

| No. | Kinakailangang dokumento para sa aplikasyon | Puwang para sa self-check |
|-----|---|---------------------------|
| ① | <p>Sertipiko ng paninirahan (orihinal)</p> <p>* Mangyaring siguraduhing ipadala ang sertipiko ng paninirahan na tumutupad sa lahat ng 4 na kondisyong nakasulat sa ibaba.</p> <ul style="list-style-type: none"> Nakasaad ang pangalan at relasyon ng puno ng sambahayan Nakasaad na "ipinagpapatibay na tunay itong kopya ng orihinal na sertipiko ng paninirahan ng lahat ng mga miyembro ng sambahayan" Hindi nakasaad ang My Number Inisyu sa loob ng nakaraang 3 buwan | <input type="checkbox"/> |
| ② | <p>Sertipiko ng exemption sa buwis para sa piskal na taong 2024 (Reiwa 6) ng taong umutang at puno ng sambahayan (orihinal)</p> <p>* Nakasaad ang pagiging exempted sa parehong "per capita rate" at "income rate"</p> <p>* Kailangan ang sertipiko ng 2 tao: taong umutang at puno ng sambahayan.</p> | <input type="checkbox"/> |
| ③ | <p>Nasulatang application form para sa exemption sa pagbabayad</p> <p>* Kanang bahagi ng nakalakip na A3 form</p> <p>Mangyaring tingnan ang halimbawa ng pagsulat sa p. 4, at mag-ingat upang walang makaligtaang isulat.</p> | <input type="checkbox"/> |

Siguraduhing tingnan din ang p. 4 at 5.

(2) Deadline ng aplikasyon

Hanggang Setyembre 30, 2024 (Reiwa 6) (Lunes) * Balido ang may tatak-koreo hanggang sa araw na ito

* Mangyaring bigyan ito ng pansin dahil kung lumampas sa deadline ng aplikasyon, maaaring hindi makatanggap ng buong exemption ng nakaplanong halaga ng pagbabayad.


(3) Paraan ng pagsusumite ng application form atbp.

Mangyaring ipaloob sa kalakip na sobre para sa kasagutan (kulay puti) ang ① hanggang ③ sa itaas at ipadala ito sa koreo.

* Kung may nakaligtaang isulat sa application form o pagkukulang sa mga kinakailangang dokumento, kakailanganing magsumite muli atbp. at matatagalan ang proseso ng pagsusuri, kaya mangyaring kumpirmahin nang mabuti ang mga nilalaman ng sobre.


*Kung sabay na nag-a-apply para sa exemption sa higit sa isang uri ng pantang, mangyaring maglakip ng isa lang na orihinal para sa ① at ②, at mga kopya para sa iba pang dokumento.

① Sertipiko ng paninirahan




② Sertipiko ng exemption sa buwis para sa piskal na taong 2024 (Reiwa 6)


* 2 piraso: isang sertipiko ng taong umutang at isang sertipiko ng puno ng sambahayan



③ Application form para sa exemption sa pagbabayad



Sobre para sa kasagutan



1 Tungkol sa paraan ng aplikasyon para sa exemption sa pagbabayad (para sa mga taong sakop sa exemption)

Taong itinuro sa p. 2, 4 at 5 sa resulta ng flowchart

Taong itinuro sa p. 3, 4 at 5 sa resulta ng flowchart

(4) Halimbawa ng pagsulat sa application form para sa exemption sa pagbabayad

(Form 1-1)

Application Form para sa Exemption sa Pagbabayad ng Pautang kaugnay sa Espesyal na Pautang ng Komprehensibong Pansuportang Pondo

Para sa << 資金名称 >>

* Mangyaring sulatan ang lahat ng nasa loob ng makapal na linya.

| | | | |
|--|--|---------------------------------------|---|
| Uri ng pondo | << 資金名称 >> | | |
| Pangalan ng taong umutang | Hindi kailangang sulatan | | |
| Halaga ng pautang | 100,000 yen | Halaga ng inaaplaya para sa exemption | Maximum na halaga ng exemption sa pagbabayad ng kinaaukulang uri ng pondo |
| Dahilan ng pag-apply para sa exemption | <div style="display: flex; justify-content: space-between;"> <div style="border: 2px solid blue; padding: 5px;"> <p>Taong itinuro sa p. 2, 4 at 5</p> </div> <div style="border: 2px solid green; padding: 5px;"> <p>Taong itinuro sa p. 3, 4 at 5</p> </div> </div> | | |
| Kalagayan ng sambahayan * Lagyan ng <input checked="" type="checkbox"/> ang isa sa mga ito | <input type="checkbox"/> Sa kasalukuyan, ako (ang taong umutang) ang puno ng sambahayan <input type="checkbox"/> Sa kasalukuyan, hindi ang taong umutang ang puno ng sambahayan, at nasa bukod na sambahayan sa taong umutang noong panahon ng pag-apply sa pautang ang kasalukuyang puno ng sambahayan <input type="checkbox"/> Sa kasalukuyan, hindi ang taong umutang ang puno ng sambahayan, ngunit hindi makakuha ng sertipiko ng kita ng puno ng sambahayan dahil lumikas sanhi ng DV (domestic violence) atbp. | | |
| Mga kinakailangang dokumento * Ihanda ang mga dokumento at lagyan ng <input checked="" type="checkbox"/> | <input type="checkbox"/> Kailangan ang lahat ng mga sumusunod na 3 dokumento <input type="checkbox"/> Application form para sa exemption (dokumentong ito) <input type="checkbox"/> Sertipiko ng paninirahan (orihinal) kung saan nakasaad ang lahat ng mga miyembro ng sambahayan ngayon (Dokumento kung saan nakasaad ang pangalan at relasyon ng puno ng sambahayan) <input type="checkbox"/> Sertipiko ng exemption sa residence tax (orihinal) para sa piskal na taong 2024 (Reiwa 6) ng taong umutang * Kailangang nakasaad dito ang pagiging exempted sa parehong "per capita rate" at "income rate" ng residence tax. | | |
| <p>Sa Tagapangulo ng Saitama Prefectural Council of Social Welfare</p> <p>Sumasang-ayon ako sa 6 na item na nakasulat sa ibaba, at nag-a-apply ako para sa exemption.</p> <ol style="list-style-type: none"> Kung nagbigay ng desisyon ng exemption sa pagbabayad sa sistema ng espesyal na pautang na ito, sumasang-ayon ako sa pagbibigay ng aking personal na impormasyon sa institusyong pangkonsultasyon at pansuporta sa kasarinlan sa layunin ng paggamit nito sa mga tungkulin ng nasabing institusyon. Tungkol sa isinulat kong personal na impormasyon, sumasang-ayon ako sa pagbibigay nito sa ikatlong partido sa hangganang kailangan para sa sistemang ito. Sumasang-ayon ako sa pagtatanong ng Saitama Prefectural Council of Social Welfare sa Japan National Council of Social Welfare, ibang Prefectural Council of Social Welfare, Municipal Council of Social Welfare, lokal na pamahalaan, pampublikong tanggapan para sa kasiguruhan ng hanapbuhay, institusyong pangkonsultasyon at pansuporta sa kasarinlan, institusyong pansuporta sa pagpapabuti ng pangastos ng pamilya, at iba pang mga kinaaukulang institusyon, at pagtanggap mula sa kanila ng aking personal na impormasyon, sa hangganang kailangan para sa sistemang ito. Ako at ang mga tao sa aking sambahayan ay hindi miyembro ng sindikato ng krimen. Sumasang-ayon ako sa paghingi ng Saitama Prefectural Council of Social Welfare mula sa mga tanggapan pampubliko at pampamahalaan, atbp. ng impormasyon tungkol sa pagiging miyembro ng sindikato ng krimen kaugnay sa akin at mga miyembro ng aking sambahayan, ayon sa pangangailangan. [Tulad ng nakasaad sa Artikulo 2 Item 2 ng "Batas hinggil sa Prebensyon ng Hindi Makatarungang Gawain ng mga Miyembro ng Sindikato ng Krimen," tinutukoy ng sindikato ng krimen ang "samahang may panganib na manghikayat sa mga miyembrong bumubuo rito (kasama ang mga miyembro ng mga samahang bumubuo sa samahang iyon) na magsama-sama bilang pangkat o makagawiang gumawa ng marahas at ilegal na gawain atbp."] Kung hindi inaprubahan ang exemption sa pagbabayad sa resulta ng pagsusuri, sumasang-ayon ako sa hindi pagbubunyng ng dahilan noon. Hindi ako nagsagawa ng pagbabago ng puno ng sambahayan para ma-exempt sa pagbabayad. Sumasang-ayon din ako sa pagkansela ng exemption sa pagbabayad kung mapag-alamang hindi totoo ang impormasyong isinulat sa application form na ito, o napag-alamang hindi ako sumasailalim sa mga kondisyon para sa exemption sa pagbabayad, pagkatapos maibigay ang desisyon para sa exemption sa pagbabayad. | | | |
| Taon (sa Reiwa) | Buwan | Araw | * Isulat ang petsa kung kailan sinulatan ang dokumentong ito |
| * Mangyaring isulat ang pangalan ayon sa aka-print sa itaas. | | | |
| Pangalan ng taong umutang (isinulat ng mismong tao) | | | |
| Borrower's Name(Signature) | | | |
| Numero ng telepono | | | |
| * Dapat isulat ang numero ng telepono kung saan maaaring makipag-ugnayan sa invo sa daytime | | | |
| * Mangyaring huwag sulatan ng aplikante ang mga sumusunod. | | | |
| * Code ng pondo | Code ng pautang | Numero ng pagpapanggap | Pagtanggap ng Saitama Prefectural Council of Social Welfare |
| SX | 1234567 | | Taon (sa Reiwa) Buwan Araw |

Lagyan ng tsek ang mga nauukol na item

Siguraduhing isulat ang **buong pangalan** sa pagsusulat ng pangalan.

Mangyaring huwag kalimutang punan ang:
 - Petsa at oras na sinulatan
 - Pangalang isinulat ng mismong tao
 - Numero ng telepono

1 Tungkol sa paraan ng aplikasyon para sa exemption sa pagbabayad (para sa mga taong sakop sa exemption)

Taong itinuro sa p. 2, 4 at 5 sa resulta ng flowchart

Taong itinuro sa p. 3, 4 at 5 sa resulta ng flowchart

(5) Tungkol sa sertipiko ng exemption sa buwis

Ano ang sertipiko ng exemption sa buwis kung saan nakasaad ang pagiging exempted sa parehong “per capita rate” at “income rate” ng residence tax?

- Tinutukoy nito ang dokumentong nagpapatunay sa halaga ng buwis ng isang indibidwal na inisyu ng tanggapan ng munisipalidad kung saan kayo nakatira.
- Kung hindi ginawa ang pagdedeklara ng kita o pag-adjust ng buwis sa katapusan ng taon, maaaring hindi maisyuhan ng sertipiko ng exemption sa buwis kapag hindi nagdeklara ng residence tax.
- Ang mga katanungan tungkol sa paraan ng pagdedeklara ng residence tax at mga katanungang nauugnay sa buwis tulad ng mga sumusunod ay hindi maaaring sagutin ng Saitama Prefectural Council of Social Welfare. Mangyaring magtanong sa namamahala sa pagbubuwis sa tanggapan ng munisipalidad kung saan kayo nakatira.


Halimbawa)

- Tungkol sa pagkuha at pag-isyu ng sertipiko ng exemption sa buwis
- Paraan ng pagkumpirma kung exempted sa residence tax
- Tungkol sa pagkuha ng sertipiko ng exemption sa buwis kung hindi nagdeklara ng kita, atbp.

(6) Tungkol sa hangganan ng halaga ng pagbabayad na magiging sakop sa exemption

- Ang sakop ng exemption ay ang nakaplanong halaga ng pagbabayad (halaga ng balanse) sa o pagkatapos ng Enero 1, 2025 (Reiwa 7).
- Ang nakaplanong halaga ng pagbabayad hanggang sa Disyembre 31, 2024 (Reiwa 6) **ay hindi sakop sa exemption kaya kailangan itong bayaran.**

[Halimbawa] Kung humiram ng 600,000 yen na komprehensibong pansuportang pondo (palugit) at magbabayad ng 5,000 yen kada buwan nang 120 beses]



[Bigyang-pansin]

- Maaaring hindi ito ang kaso kung kasalukuyang nasa panahon ng pagpapalugit sa pagbabayad o depende sa buwanang halaga ng pagbabayad.
- Mangyaring makipag-ugnayan gamit ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa ibaba tungkol sa mga detalye ng indibidwal na halagang sakop sa exemption.
- Ang halagang nabayaran na lagpas sa nakaplanong halaga ng pagbabayad ay hindi maibabalik kahit na ito ay sakop sa exemption.

[Para sa Aplikasyon at mga Katanungan]
Namamahala sa Tanggapan para sa Pagbabayad at
Exemption sa Espesyal na Pautang kaugnay sa COVID
Saitama Prefectural Council of Social Welfare

[Numero ng telepono] 050-2018-1839 [Oras ng pagtanggap] Weekdays 9:00 a.m. - 5:00 p.m.
https://www.fukushi-saitama.or.jp/site/problem_33.html



1 Tungkol sa paraan ng aplikasyon para sa exemption sa pagbabayad
([para sa mga taong sakop sa exemption](#))

Taong itinuro sa p. 2, 4 at 5 sa
resulta ng flowchart

Taong itinuro sa p. 3, 4 at 5 sa
resulta ng flowchart

(7) Muling pagkumpirma bago mag-apply

* Kung may nakaligtaang isulat sa application form o pagkukulang sa mga kinakailangang dokumento, kakailanganing magsumite muli atbp. at matatagalan ang proseso ng pagsusuri, kaya mangyaring kumpirmahin nang mabuti ang mga nilalaman ng sobre.

| No. | Mga bagay na kukumpirmahin | Puwang para sa self-check |
|-----|---|---------------------------|
| ① | Nasuri na ba ninyo ang flowchart sa pahina 1 at <u>nakumpirma kung kayo ay sakop sa exemption?</u> | <input type="checkbox"/> |
| ② | Nalagyan ba ng <u>tsek</u> at nasulatan ang <u>petsa ng pagsagot, pangalang isinulat ng mismong tao, at numero ng telepono</u> ng application form para sa exemption sa pagbabayad? | <input type="checkbox"/> |
| ③ | Inilakip ba ang <u>orihinal</u> na sertipiko ng paninirahan kung saan <u>nakasaad ang pangalan at relasyon ng puno ng sambahayan?</u> | <input type="checkbox"/> |
| ④ | <u>Orihinal</u> ba ang sertipiko ng exemption sa buwis para sa <u>piskal na taong 2024 (Reiwa 6)</u> ng taong umutang (o kaya ay taong umutang at puno ng sambahayan)? | <input type="checkbox"/> |
| ⑤ | Nakasaad ba sa sertipiko ng exemption sa buwis na <u>parehong exempted sa per capita rate at income rate?</u> | <input type="checkbox"/> |

[Deadline ng aplikasyon] Hanggang Setyembre 30, 2024 (Reiwa 6) (Lunes)

*** Balido ang may tatak-koreo hanggang sa araw na ito**

* Kung lumampas sa deadline ng aplikasyon, maaaring hindi makatanggap ng buong exemption ng nakaplanong halaga ng pagbabayad.

Tungkol sa Resulta ng Pagsusuri

- Magpapadala kami ng notipikasyon kung maaari ang exemption o hindi mula Agosto 2024 (Reiwa 6) pasulong.
- Mangyaring huwag magtanong tungkol sa indibidwal na kalagayan ng pagsusuri dahil hindi kami makakasagot sa mga ganitong katanungan.
(Mangyaring maghintay hanggang matanggap ang notipikasyon ng resulta)

**[Para sa Aplikasyon at mga Katanungan]
Saitama Prefectural Council of Social Welfare,
Social Welfare Corporation
Namamahala sa Tanggapan para sa Pagbabayad at
Exemption sa Espesyal na Pautang kaugnay sa COVID**

[Address] 2-11-27 Kamiochiai, Chuo-ku, Saitama-shi, Saitama 338-0001

[Numero ng telepono] **050-2018-1839** [Oras ng pagtanggap] Weekdays **9:00 a.m. - 5:00 p.m.**

https://www.fukushi-saitama.or.jp/site/problem_33.html

[Kahilingan]

- **Hindi kami direktahang tumatanggap ng mga dokumento. Mangyaring huwag personal na dalhin ang mga dokumento para sa proseso.**
- **Maaaring mahirap makakonekta sa telepono kapag kakatanggap lang ng notipikasyong ito at iba pang sitwasyon.**
- **Hindi namin isasauli ang mga dokumentong naisumite na ninyo.**



2 Tungkol sa pagpapalugit sa pagbabayad at iba pang exemption (para sa mga taong hindi sakop sa exemption)

Taong itinuro sa p. 6 sa resulta ng flowchart

(1) Tungkol sa pag-apply para sa pagpapalugit sa pagbabayad

Kahit na hindi natutugunan ang mga kondisyon sa pag-apply para sa exemption, kung kasalukuyang nahihirapan sa pagbabayad dahil nagkasakit, nawalan ng trabaho, bumaba ang kita, at iba pang kadahilanan, maaaring mag-apply para sa pagpapalugit sa pagbabayad. [Deadline ng aplikasyon] **Hanggang sa ika-15 ng buwan bago ang buwan ng pinakahuling deadline ng pagbabayad**

(2) Tungkol sa iba pang exemption sa pagbabayad

Kung naaangkop sa sumusunod na kondisyon **pagkatapos ng pagsisimula ng pagbabayad**, maaaring mag-apply para sa exemption.

- ① Kung tumanggap ng pampublikong tulong (seikatsu hogo)
- ② Kung inisyuhan ng sertipiko ng mental na kapansanan (Level 1) o sertipiko ng pisikal na kapansanan (Level 1 o 2)

Para sa mga detalye ng paraan ng aplikasyon para sa (1) at (2) sa itaas, mangyaring makipag-ugnayan gamit ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa ibaba.

3 Iba pang gabay

Kung nagbago ang address o pangalan, mangyaring ilakip ang mga dokumentong nakasulat sa ibaba at ipadala sa koreo ang notipikasyon tungkol sa pagbabago ng pangalan atbp.

* Maaaring i-download ang notipikasyon tungkol sa pagbabago ng pangalan atbp. mula sa URL na nasa Para sa Aplikasyon at mga Katanungan na nakasulat sa ibaba.

* Kung hindi ito naisumite, maaaring hindi makatanggap ng mga gabay tungkol sa pagbabayad sa hinaharap.

| Nilalaman ng pagbabago | Mga kinakailangang kalakip na dokumento |
|--|---|
| Pagbabago ng address | Sertipiko ng paninirahan (orihinal) * Hindi maaari ang kopya • Nakasaad ang dating address at kasalukuyang address at nakasaad ang lahat ng mga miyembro ng sambahayan • Hindi nakasaad ang My Number • Inisyu sa loob ng nakaraang 3 buwan |
| Pagbabago ng apelyido at pagbabago ng pangalan | Sertipiko ng paninirahan (orihinal) * Hindi maaari ang kopya • Nakasaad ang bagong apelyido at dating apelyido , at nakasaad ang lahat ng mga miyembro ng sambahayan • Hindi nakasaad ang My Number • Inisyu sa loob ng nakaraang 3 buwan |
| Pagpanaw ng taong umutang | Sertipiko ng binurang rekord ng paninirahan (inisyu sa loob ng nakaraang 3 buwan) o kopya ng sertipiko ng pagkamatay |

◆ Tungkol sa mga tanggapan para sa konsultasyon ng mga institusyong pangkonsultasyon at pansuporta sa kasarinlan

Ang mga “Institusyong Pangkonsultasyon at Pansuporta sa Kasarinlan” ay mga tanggapan para sa konsultasyon tungkol sa mga problema sa pamumuhay sa pangkalahatan, at nakatatag ang mga ito sa buong bansa.

Kung may problema kaugnay sa pamumuhay tulad ng hindi makapagtrabaho kahit gustong magtrabaho, walang matirahan, atbp., mangyaring kumonsulta sa lokal na tanggapan para sa konsultasyon.

(<https://www.mhlw.go.jp/content/000707280.pdf>)



Listahan ng mga tanggapan para sa konsultasyon ng mga institusyong pangkonsultasyon at pansuporta sa kasarinlan

◆ Mga madalas itanong Q&A tungkol sa aplikasyon para sa exemption at pagbabayad

Nakalagay ito sa website ng Saitama Prefectural Council of Social Welfare. (Pana-panahon itong ia-update)
https://www.fukushi-saitama.or.jp/site/problem_33.html

[Para sa Aplikasyon at mga Katanungan]

Namamahala sa Tanggapan para sa Pagbabayad at Exemption sa Espesyal na Pautang kaugnay sa COVID

Saitama Prefectural Council of Social Welfare

[Numero ng telepono] 050-2018-1839 [Oras ng pagtanggap] Weekdays 9:00 a.m. - 5:00 p.m.

https://www.fukushi-saitama.or.jp/site/problem_33.html



4 にほんごが わからない かたへ(For Foreigners)

このあんないは しょうかの めんじょ の しんせい にかんする ごあんないです。
にほんご が わからない かたは、コールセンターに でんわ してください。
phone number 050-2018-1839 open/closed へいじつ 9:00 ~17:00

This is a guide to applying for repayment forgiveness.
For those who do not speak or read Japanese, please contact our call center.
Tel.: 050-2018-1839 Opening hours: weekdays from 9 a.m. to 5 p.m.

本通知是关于申请免除偿还的通知。
如果您不懂日语，请致电呼叫中心。
电话号码：050-2018-1839 服务时间：工作日9:00~17:00

본 안내는 상환 면제 신청에 관한 안내입니다.
일본어를 모르시는 분은 콜센터로 전화 주시기 바랍니다.
전화번호: 050-2018-1839 접수 시간: 평일 9:00~17:00

Estas são orientações relacionadas à solicitação de isenção de pagamento.
Caso não entenda japonês, telefone para a central de atendimento.
Telefone: 050-2018-1839 Horário de atendimento: nos dias úteis, das 9h às 17h

Hướng dẫn này là hướng dẫn về việc nộp đơn xin miễn hoàn trả.
Quý vị không biết tiếng Nhật vui lòng gọi đến Tổng đài.
Số điện thoại: 050-2018-1839 Thời gian tiếp nhận: 9:00 ~ 17:00 các ngày thường trong tuần

Ang gabay na ito ay tungkol sa pag-apply para sa exemption sa pagbabayad.
Mangyari lamang na tumawag sa call center kung hindi nakakaintindi ng wikang Hapon.
Telepono: 050-2018-1839 Oras ng tanggapan: 9:00 am - 5:00 pm (karaniwang araw)

यो जानकारी ऋण मोचनको लागि आवेदन दिने सम्बन्धी सूचना हो।
जापानी भाषा नबुझ्ने व्यक्तिले कल सेन्टरमा फोन गर्नुहोस्।
फोन नम्बर: 050-2018-1839 खुला समय: सोमबार~शुक्रबार 9:00~17:00 (सार्वजनिक बिदाको दिन बाहेक)

Bu kılavuz geri ödemededen muafiyet başvurusu hakkındadır.
Japonca bilmiyorsanız, lütfen çağrı merkezini arayın.
Telefon numarası: 050-2018-1839 Danışma saatleri: Hafta içi 9:00-17:00

【Application and contact details】

Saitama prefectural council of Social welfare Repayment and Exemption of Special Loan Section

【Address】 2-11-27 kamiochiai, Chuo-ku, Saitama-shi, Saitama 338-0001

【Contact Number】 ☎050-2018-1839

【Reception Time】 9:00~17:00 (on weekdays)

https://www.fukushi-Saitama.or.jp/site/problem_33.html



【Notes】• This venue does not receive documents.

Please do not carry out procedures by bringing documents here.

• Note that it may be difficult to contact the call center by phone immediately after you receive this notice.

• Note that submitted documents cannot be returned.